Even in the IMPOSSIBLE

# Ang mga Himala at Gumagawa ng Himala

WEEK 1

## WARM-UP

- May nasaksihan ka na bang pangyayari na hindi kapani-paniwala? Paano mo ilalarawan ang pangyayaring ito?
- Anu-ano ang ilan sa mga pangunahin mong pangangailangan? Ano sa palagay mo ang mangyayari kapag naubos ang mga ito?
- Magkwento tungkol sa isang magandang balita na natanggap mo kamakailan lang. Paano mo ito ibinahagi sa mga kaibigan at kapamilya mo?

## WORD

*Nang palubog na ang araw, dinala ng mga tao kay Jesus ang lahat ng may sakit. Sari-sari ang mga sakit nila. Ipinatong ni Jesus ang mga kamay niya sa bawat isa sa kanila at gumaling silang lahat.* **LUCAS 4:40**

(Basahin din ang **LUCAS 4:39, 41–44.**)

Isiping nabalitaan at nakita mo ang isang taong gumagawa ng mga himala. Ano ang gagawin mo? Nabalitaan ng mga tao ang tungkol sa himalang ginagawa ni Jesus sa maraming lugar. Nang magpunta si Jesus sa bahay ni Simon, pinagaling Niya ang kanyang biyenang may mataas na lagnat. Nang mawala ang lagnat, bumangon siya agad at nagsimulang pagsilbihan ang mga tao. Dahil dito, nakita ng komunidad si Jesus bilang taggagawa ng himala at dinala nila ang mga may sakit sa Kanya. Sa bahaging ito ng Bibliya, makikita natin ang mas malalim na implikasyon ng pagiging taggagawa ni Jesus ng mga himala, kahit pa tila imposible na ang sitwasyon.

## 1 Tinugunan ng mga himala ni Jesus ang mga pangangailangan ng mga tao.

*38 Umalis si Jesus sa sambahan ng mga Judio at pumunta sa bahay ni Simon. Mataas noon ang lagnat ng biyenang babae ni Simon. Kaya nakiusap sila kay Jesus na pagalingin ito. 39 Nilapitan ni Jesus ang may sakit at iniutos na maalis ang lagnat, at nawala ito. Noon din ay bumangon ang babae at pinagsilbihan sina Jesus. 40 Nang palubog na ang araw, dinala ng mga tao kay Jesus ang lahat ng may sakit. Sari-sari ang mga sakit nila. Ipinatong ni Jesus ang mga kamay niya sa bawat isa sa kanila at gumaling silang lahat. 41 Pinalabas din niya ang masasamang espiritu mula sa maraming tao. Habang lumalabas ang masasamang espiritu, sumisigaw sila kay Jesus, "Ikaw ang Anak ng Diyos!" Pero sinaway sila ni Jesus at pinatahimik, dahil alam nilang siya ang Cristo.*

**LUCAS 4:38–41**

Matapos nilang makita ang pagpapagaling ni Jesus sa biyenan ni Simon, dinala ng mga tao ang mga taong may sakit sa Kanya (Lucas 4:40). Pinagaling ni Jesus ang bawat isa at pinalaya Niya ang mga taong pinahihirapan ng masasamang espiritu. Bilang isang doktor, isinulat ng may-akda ng Ebanghelyong ito ang tungkol sa mga himala. Ipinakita nito na naniniwala siya sa kapangyarihan at kakayahan ni Jesus na magpagaling. Lumapit ang mga tao kay Jesus nang makita, maramdaman, at tugunan Niya ang mga pangangailangan nila. Ano ang mga pisikal at espiritwal na pangangailangan sa buhay mo at sa buhay ng iba ang nakita mong tinugunan ni Jesus?

## 2 Sa pamamagitan ng mga himala, pinakita ni Jesus sa mga tao ang pinakamalaki nilang pangangailangan.

*43 Pero sinabi sa kanila ni Jesus, "Kailangang ipangaral ko rin ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos sa iba pang mga bayan, dahil ito ang dahilan kung bakit ako isinugo." 44 Kaya nagpatuloy siya sa pangangaral sa mga sambahan ng mga Judio sa Judea.* **LUCAS 4:43–44**

Sa bahaging ito ng Bibliya, makikita natin ang mga taong nangangailangang gumaling mula sa kanilang karamdaman. Gayunman, hindi lamang pinagaling ni Jesus ang kanilang mga karamdaman kundi pinalaya din Niya sila mula sa espiritwal na pagpapahirap. Paalis na Siya, at sinasabi na Niya sa kanila na kailangan na Niyang pumunta sa ibang bayan para ipangaral ang kaharian ng Diyos sa iba pang bayan. Ngunit bago Niya ito ginawa, ipinahayag Niya muna ang Kanyang sarili sa kanila at binuksan ang kanilang mga mata sa ebanghelyo—ang katugunan sa pinakamalaki nilang pangangailangan. Ang pangunahin Niyang layunin ay ang hanapin at iligtas ang mga naliligaw ng landas sa pamamagitan ng sakripisyo sa krus. Tulad nito, hindi lamang gumagawa ng himala si Jesus sa buhay natin ngayon. Sa halip, ang mabuting balita tungkol sa kaharian ng Diyos ay dapat na maipangaral upang maligtas ang mga tao. Sa palagay mo, paano magagamit ni Jesus ang mga himalang ginawa Niya sa buhay mo upang abutin ang iba pang mga tao sa pamamagitan ng ebanghelyo.

## APPLICATION

- Ilista ang tatlong bagay na hinihiling mo sa Diyos ngayong linggong ito. Ipagpasalamat sa Diyos ang kakayahan Niyang gumawa ng mga himala na hindi nalilimitahan ng mga sitwasyon natin.
- Ipanalangin na mas palakasin ng Diyos ang pananampalataya mong umasa at makaranas ng mga himala sa buhay mo at sa buhay ng mga nakapaligid sa iyo araw-araw.
- May kakilala ka bang dumaraan ngayon sa isang desperadong sitwasyon? Paano ka magiging daluyan ng himala ng Diyos para sa taong ito? Buong tapang na ipagdasal ang taong ito ngayong linggo.

## PRAYER

- Hilingin sa Diyos na patatagin ang pananampalataya mo sa Kanya bilang isang Diyos na gumagawa ng himala. Ipanalanging tanggalin Niya ang anumang pagdududa na nagiging hadlang kung kaya't hindi mo ganap na maranasan ang Kanyang mga pagpapala.
- Pasalamatan ang Diyos dahil alam Niya ang bawat pangangailangan mo, maliit man ito o malaki. Ipanalangin na lagi kang magtitiwala na tutugunan ng Diyos ang iyong mga pangangailangan.
- Habang gumagawa ng himala ang Diyos sa buhay mo, ipanalangin na ikaw rin ay maging daluyan ng Kanyang mga himala para sa iba. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataong matulungan ang isang tao ngayong linggo at maibahagi sa kanya kung paano tinutugunan ng Diyos ang iyong mga pangangailangan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Chrysse Manuel-Pili, Bea Salcedo

victory.org.ph